***BAKIT KAILANGAN IPA-HEARING SCREENING SI BABY?***


1. Ang sanggol na ipinanganak na may kapansanan sa pandinig ay walang sintomas kaya't hindi agad nasusuri.
2. Ang pandinig ay mahalaga para makapagsalita ang bata.
3. Ang batang lumaking bingi ay mahihirapan sa pakikipagusap at pag-aaral.

***PAANO MALALAMAN KUNG MAY PROBLEMA SA PANDINIG SI BABY?***

Ang Otoacoustic Emissions (OAE) test o Automated Auditory Brainstem Response (AABR) test ay maaaring gamitin na screening tests. Ang mga test na ito ay mabilis (5-10 minuto) at walang nalalamang dulot na pinsala sa sanggol. Kailangan lamang ay tahimik at hindi gumagalaw ang sanggol upang lapat ang ear plug ng instrumento. Ito ay ginagawa sa tahimik na kuwarto o sa kuwarto mismo ng magina isang araw matapos ipinanganak ang sanggol.

***PAANO KUNG HINDI PUMASA o REFER SA HEARING SCREENING SI BABY?***

Kailangan ng karagdagang pagsusuri o confirmatory hearing test upang matiyak ang tunay na sanhi kung bakit hindi pumasa sa OAE o AABR test. Hinihikayat na sundin ang schedule na ito:




***PAANO KUNG PUMASA o PASS SA HEARING SCREENING SI BABY?***

Hindi muna kailangan sumailalim sa confirmatory hearing test ang sanggol. Subalit, hindi nangangahulugang hindi maaaring matuklasang bingi o sadyang mabingi ang bata habang siya ay lumalaki.

Dapat pa rin subaybayan ang mga sumusunod na milestones sa paglaki ng bata:

**0-3 BUWAN**

- Nagugulat sa malalakas na tunog
- Tumatahimik sa mga pamilyar na boses

**3-6 BUWAN**

- Naghahanap ng tunog sa pamamagitan ng mata
- Nagsisimulang gumawa ng sariling tunog o "babbling"
- Paglalaro gamit ang maiingay na laruan
- Pagtugon sa pagbabago ng tono ng boses

**6-12 BUWAN**

- Paglingon sa pinanggagalingan ng mahinang tunog
- Paggaya sa mga naririnig na salita
- Pagtugon sa pagtawag ng pangalan
- Nakakaintindi ng mga simpleng salita gaya ng "no" o "bye-bye"

**12 BUWAN PATAAS**

- Malinaw na nasasabi ang "mama" o "dada"
- Pinaglalaruan ang sariling boses, kumakanta na may pakiramdam
- Pagturo at pagtingin sa pamilyar na mga bagay

Kapag may suspetsa na bingi ang bata, komunsulta agad sa doctor o pumunta sa pinakamalapit na Hearing Screening Center. Ang batang matuklasang bingi sa pagkabata ay may pagasa pang makarinig , magsalita, magaral, at mabuhay ng normal.